# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-28 ng Marso, 2025

**Simula sa Sabado, Magbubukas ang Pitong Vote Center para sa Espesyal na Primaryang Eleksyon**

Kung nakatira kayo sa Unang Superbisoryal na Distrito ng County ng San Diego, maaari kayong bumoto ng maaga sa alinman sa pitong vote center sa distrito simula sa Sabado, Ika-29 ng Marso. Ang mga vote center ay magbubukas araw-araw sa ika-8 ng umaga hanggang sa ika-5 ng hapon hanggang sa Lunes, Ika-7 ng Abril, sa mga sumusunod na lokasyon sa ibaba:

- Bonita-Sunnyside Branch Library - Community Room
  4375 Bonita Road
  Bonita, 91902

- Chula Vista City Hall
  276 4th Avenue
  Chula Vista, 91910

- County of San Diego HHSA - Conference Room
  690 Oxford Street
  Chula Vista, 91911

- West View Elementary - Auditorium
  525 3rd Street
  Imperial Beach, 91932

- Mountain View Community Center - Back Meeting Room
  641 S Boundary Street
  San Diego, 92113

- San Ysidro Senior Center
  125 E Park Avenue
  San Ysidro, 92173

- Spring Valley Community Center - Olsen Room
  8735 Jamacha Boulevard
  Spring Valley, 91977

# BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-28 ng Marso, 2025

Sa huling araw ng pagboto, Ika-8 ng Abril, anim pang vote center ang magbubukas para sa kabuuang 13 lokasyon at ang mga oras ay magbabago sa ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi. Makakahanap kayo ng vote center o opisyal na ballot drop box na malapit sa inyo sa loob ng inyong pamplet ng impormasyon ng botante, o maaari ninyong tingnan ang inyong pamplet online sa tool na Tingnan ang Isang Pamplet ng Impormasyon ng Botante (Sampol na Balota) sa sdvote.com.

Ang mga vote center ay pinalitan ang mga lugar ng botohan (polling place) at nagbibigay ng mas maraming serbisyo. Maaari kang:

- Bumoto ng personal o i-drop off ang balotang pang-koreo
- Bumoto gamit ang accessible na ballot marking device (BMD)
- Tumanggap ng tulong at mga materyales sa pagboto sa iba't ibang wika
- Magparehistro para makaboto o i-update ng inyong rehistrasyon ng botante at bumoto sa parehong araw

Maaaring gamitin ng mga botante ang touch screen upang piliin ang kanilang mga seleksyon sa mga ballot marking device (BMD). Kapag natapos na, ipi-print ng botante ang opisyal na balota, rerebyuhin ito, ilalagay sa isang pangsikretong takip, at ibibigay sa isang manggagawa sa botohan upang mailagay ito sa ballot box para bilangin sa opisina ng Tagapagrehistro. Ang ballot marking device (BMD) ay hindi nag-i-store, nagta-tabulate, o nagbibilang ng anumang boto.

Tandaan na ipinagbabawal ang pangangampanya o electioneering sa loob ng 100 talampakan mula sa isang vote center o opisyal na ballot drop box. Kabilang dito ang pagdi-display ng nakikita o naririnig na pagpapakalat ng impormasyon na nagtataguyod para sa o laban sa alinmang kandidato sa balota. Karagdagan pa rito, ang isang indibidwal ay hindi maaaring magpakalat ng anumang mga petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referenda, recall o mga nominasyon ng kandidato.

Ang taong mahahalal ay magpupunan sa bakanteng posisyon ng distrito para sa natitirang bahagi ng kasalukuyang termino na magtatapos sa Enero ng 2029. Kung walang kandidatong makakatanggap ng mayoryang boto sa Ika-8 ng Abril na eleksyon, ang nangungunang dalawang makakakuha-ng-pinakamaraming-boto ay magpapatuloy sa espesyal na pangkalahatang eleksyon sa Ika-1 ng Hulyo. Tanging ang mga botante lamang na naninirahan sa distrito ang maaaring bumoto sa eleksyon.

Ang Distrito 1 ay umaabot mula sa Pacific Ocean hanggang sa mga kabundukan ng Otay at San Miguel sa silangan (east), at mula sa Barrio Logan sa hilaga (north) hanggang sa internasyonal na

border ng U.S./Mexico sa timog (south). Kasama sa distrito ang mga lungsod ng Chula Vista, Imperial Beach, National City, at ilang komunidad sa loob ng Lungsod ng San Diego, kabilang ang Barrio Logan, East Village, Golden Hill, at higit pa. Kasama rin dito ang mga unincorporated na lugar ng Bonita, East Otay Mesa, Lincoln Acres, Sunnyside, at La Presa.

Kung hindi kayo sigurado kung kayo ay nakatira sa Distrito 1, maaari mo itong hanapin sa sdvote.com.

Huwag patagalin! Kung hawak pa ninyo ang inyong balota, kumilos na. Bumoto mula sa inyong tahanan at isauli ang balota sa pamamagitan ng koreo – hindi kailangan ng selyo – o sa anumang 29 na mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro sa buong distrito. Maaring tandaan na pirmahan at petsahan ang inyong sobreng pagbabalikan ng balota. Kinakailangan ninyong pirmahan ang inyong sobreng pagbabalikan upang ang inyong boto ay mabilang.

Ang mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro ay bukas ng 24 na oras araw-araw hanggang sa ika-8 ng gabi hanggang sa huling araw ng pagboto sa Ika-8 ng Abril. Bisitahin ang sdvote.com upang i-check ang list ng mga lokasyon o ang locator map upang hanapin ang pinakamalapit sa inyo.

Kung mas maagang matatanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ang inyong balota, mas mabilis itong maproproseso para sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon.

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa espesyal na primaryang eleksyon sa Distrito 1, sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll-free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER